

7

Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuarter 2

Aralin

1

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan
Kuwarter 4: Aralin 1 (Linggo 8)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Joan F. Alim (Saint Louis University)

Tagasuri:

- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY ARALIN

ARALING PANLIPUNAN/ BAITANG 7/ IKALAWANG KUWARTER (ARALIN 1 – para sa Ikawalong Linggo)

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN

A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Mga Kasanayan 1. Naipaliliwanag ang imperyalismong Hapon sa ika-20 siglo 2. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa panahon ng imperyalismong Hapon. 3. Naipaliliwanag ang imperyalismong Hapon. 4. Nailalarawan ang impluwensiya ng imperyalismong Hapon sa kasalukuyan. 5. Nasusuri ang mga mabuti at di mabuting epekto ng imperyalismong sa kasalukuyan.
C. Nilalaman	• Mga Impluwensiya ng Imperyalismong Hapon sa Kasalukuyan • Epekto ng Imperyalismong Hapon sa Kasalukuyan
D. Integrasyon	• Napapanahong isyu sa aspektong politikal at ekonomiya • Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Blando, Rosemarie C. et.al. 2014. Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.

Bustamante, Eliza D. 2016. Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya. Muling Nilimbag. St Bernadette Publishing House Corporation. Quezon City.

Nicerio, Neil Alvin E. 2021. Araling Asyano: Kamalayang Panlipunan. Abiva Publishing House Inc. Araneta Avenue, Quezon City.

Imperyalismo at Kolonyalismo 2017 nakuha sa <https://www.scribd.com/presentation/37130294/Arpan-Mga-epekto-ng-kolonyalismo->

at -imperyalismo-sa-timog-at -kanlurang-asya
 Epekto ng Imperyalismo sa Mamamayan 2019. Nakuha sa <https://josemariasison.org/ang-imperyalismo-sa-ngayonat-mga-epekto-nito-sa-mamamayan/>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA SA GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	UNANG ARAW 1. Maikling Balik-aral <i>(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)</i>	
B. Paglalahad ng Layunin	Kaugnay na Paksa 1: Ang mga sumusunod na katanungan ay magiging batayan para lubos na maunawaan ang paksa: 1. Ano-ano ang alam mo tungkol sa Japan? 2. Paano nag-umpisa ang paglawak ng imperyalistang Hapon? 3. Paano mo ilalarawan ang epekto ng imperyalismo sa kasalukuyan? Alam Mo, Ibahagi Mo! Dunong-sulong. Para mas malalim na maintindihan ang pagpapalawak ng imperyo ng Hapon noon ika 20 siglo,sagutin ang katanungan .	Sa bahaging ito, mahalagang naipapaliwanag at nailalarawan ang pag-usbong ng imperyalismong Hapon upang lubos na maiintindihan ang epekto ng imperyalismo sa kasalukuyan.

	 Paano nauugnay ang mga ibat-ibang digmaan sa pagpapalawak sa kapangyarihang impersyalistang Hapon?	
C. Paglinang at Pagpapalalim	IKALAWANG ARAW Impluwensiya ng Imperyalismong Hapon Pahina ng Kasaysayan Ang imperyalismong Hapon ay may malalim na impluwensiya sa mga bansa at rehiyon na kanilang nasakop noong panahon ng kanilang imperyalismo, partikular noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939-1945). Ito ay nagdulot ng mga pagbabago at epekto sa mga lugar na kanilang sakop. Narito ang ilang mga impluwensiya ng imperyalismong Hapon sa kasalukuyan: 1. Kulturang Panrehiyon: Ang mga bansa na nasakop ng Hapon ay naapektuhan ng kanilang kultura, partikular ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya tulad ng Pilipinas, Indonesia, at Vietnam. Ang mga elemento ng kultura ng Hapon tulad ng wika, relihiyon, at mga kaugalian ay naging bahagi ng kulturang panrehiyon sa mga nasakop na lugar. 2. Ekonomiya: Ang mga patakaran ng ekonomiya ng Hapon sa mga nasakop na teritoryo ay may malalim na epekto sa kasalukuyang ekonomiya ng mga bansang ito. Ang Hapon ay	

	nagtanim ng mga industriyal na imprastruktura at teknolohiya sa mga nasakop na lugar. Ang mga ito ay nag-ambag sa pag-unlad ng ekonomiya ng mga bansang ito. 3. Trauma ng Digmaan: Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nag-iwan ng malalim na trauma sa mga nasakop na bansa, at ang mga epekto ng digmaan na ito ay patuloy na nararamdaman sa mga henerasyon ng mga nasakop na lugar. Ang mga alaala ng digmaan ay nagbubukas ng mga isyu ukol sa kasaysayan, digmaang pampulitika, at katarungan. 4. Awayan sa Teritoryo : Ang ilang mga teritoryo at isla na naging bahagi ng nasakop na imperyo ng Hapon ay patuloy na pinag-aawayan sa kasalukuyan. Ito ay nagdudulot ng mga tensiyon sa mga rehiyong ito, at ang mga agawan at awayan sa sakop na teritoryo ay nagpapalala ng mga relasyong panlabas ng mga bansang kasangkot. 5. Kulturang Popular: Ang pop culture ng Hapon, kabilang ang anime, manga, J-pop, at iba pa ay malawakang kinikilala at inaangkat sa buong mundo. Ang mga ito ay patuloy na nag-aambag sa global na kultura at nagpapakita ng impluwensiyang kultural ng bansa. 6. Pulitika: Ang sistema ng pamahalaan at pulitika ng mga bansang nasakop ng Hapon ay maaaring magkaruoon ng mga bahagi ng kanilang sistema ng pamahalaan na naimpluwensiyahan ng sistema ng Hapon. Ang mga institusyonal na estruktura at kaayusan ng gobyerno ay maaaring magbukas ng mga isyu ukol sa demokrasya, alyansa, at kalakalan. Sa kabuoan, ang imperyalismong Hapon ay may pangmatagalang impluwensiyang naiwan sa mga bansa na kanilang nasakop. Ang mga epekto na ito ay nagbubukas ng mga isyu sa mga aspekto ng kultura, ekonomiya, pulitika, at kasaysayan sa mga bansa at rehiyon na apektado. Pagproseso ng Pag-unawa A. TALA-rawan: Suriin ang mga larawan at isulat kung anong aspekto ang nagpapakita ng epekto ng imperyalismong Hapon. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. <i>(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)</i>	
--	---	--

B. Larawan ng Katotohanan: Pag-aralan ang larawan at sagutin ang mga impormasyon na ipinapahayag nito.

(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)

Pinatnubayang Pagsasanay

Ang impluwensiya ng imperyalismong Hapon sa kasalukuyan ay patuloy na nararamdaman sa mga aspekto ng pulitika, ekonomiya, kultura, at iba pang bahagi ng mga bansang naging biktima ng pananakop noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Narito ang ilang mga aspeto ng nasabing impluwensiya:

1. Pulitika: Ang mga bansang nasakop ng Hapon, tulad ng Pilipinas, Taiwan, at Korea, ay nakaranas ng mga pagbabago sa kanilang sistema ng pamahalaan at pulitika. Sa mga kasong ito, maaaring naging inspirasyon ang mga estruktura at pamamahala ng Haponesong kolonyalismo. Maaaring natutuhan ang ilang mga aspekto ng administrasyon gayundin ang pagpapahalaga sa kanilang sariling kasarinlan matapos ang paglaya mula sa Hapon.

2. Ekonomiya: Ang mga bansa na nasakop ng Hapon ay naging bahagi ng imperyalistang ekonomiya ng Hapon. Maraming industriyalisasyon at modernisasyon ang naganap sa mga lugar na ito sa ilalim ng Hapon. Maaaring naging pangunahing bahagi ang mga ito ng supply chain ng Hapon noong panahon ng digmaan. Sa kasalukuyan, maaaring nararamdaman pa rin ang epekto nito sa kalakaran ng kalakalan at industriyalisasyon sa mga lugar na ito.

3. Kultura: Ang kultura ng mga bansa na nasakop ng Hapon ay naapektuhan din. Maaaring makita ang mga impluwensiyang Hapones sa mga tradisyon, pananamit, sining, at iba't ibang aspekto ng kultura sa mga nasakop na bansa. Ang mga ito ay nag-ambag sa mas malawak na kamalayang kultural at mga tradisyon sa mga bansa na apektado.

4. Edukasyon: Ang sistema ng edukasyon sa mga lugar na nasakop ng Hapon ay maaaring magpakita ng bahagi ng kultura, kamalayan, at pagkakakilanlang Hapon. Ito ay maaaring magbukas ng mga oportunidad para sa pag-aaral ng wika, kultura, at kasaysayan ng Hapon. Ang mga institusyong pang-edukasyon na itinatag ng mga Hapones noong kanilang pananakop ay patuloy na nagbibigay ng edukasyon sa mga lugar na iyon.

	5. Relasyon sa Hapon: Ang mga bansa na naging biktima ng imperyalismong Hapon ay mayroong pangmatagalang relasyon sa bansa na ito. Sa ilalim ng diplomasya at ekonomikong kooperasyon, ang mga bansang ito ay patuloy na nagkakaroon ng ugnayan sa Hapon. Maaaring ituring ang mga bansang ito bilang mga kaibigan o kaalyado na nagmarka ng iba't ibang uri ng ugnayang panlipunan. Sa pangkalahatan, ang impluwensiya ng imperyalismong Hapon sa kasalukuyan ay nag-iwan ng malalim na marka sa mga bansa na nasakop nila. Ang mga epekto nito ay patuloy na nagpapalaganap sa mga aspekto ng pulitika, ekonomiya, at kultura. Paglalapad at Pag-uugnay A. Dagdag- Bawas: Isulat ang + kung ang sumusunod na pahayag ay mabuting epekto ng Imperyalismong Hapon at – kung hindi ito mabuting epekto. Bigyang-paliwanag ang dahilan ng pagmamarka upang palutangin kung mabuti o hindi ang epekto nito. <i>(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)</i>	
D. Paglalahat	IKATLONG ARAW Pabaong Pagkatuto A. Kahon ng Kalinawan: Sumulat ng # batay sa mga hinihinging kasagutan sa aralin. <i>(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)</i> B. Ipost Na Yan! Ipaliwanag ang motibo o dahilan ng bansang Japan sa kanilang ginawang pagpapasya. <i>(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)</i>	
E. Pagtataya	IKAAPAT NA ARAW A. Sanhi at Bunga: Itapat ang mga sanhi sa hanay A sa mga Bunga nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng sagot. <i>(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)</i>	

	B. Traspormasyong Asyano: Punan ang tamang sagot na nagpapakita ng pagbabago sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng mga Asyano mula sa Imperyalismong Hapon noon at sa kasalukuyan. <table border="1" data-bbox="450 280 1572 459"> <thead> <tr> <th>Aspekto</th><th>Noon</th><th>Ngayon</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Politika</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>Ekonomiya</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>Buhay-Panlipunan</td><td></td><td></td></tr> <tr> <td>Kultura</td><td></td><td></td></tr> </tbody> </table> C. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin IKAW, NOON at NGAYON! Ipagpalagay na ikaw ay nabubuhay noon, ano kaya ang maaaring gawin sa pagdating ng mga Hapon? Sa kasalukuyang panahon, naniniwala ka pa rin ba na tayo ay hindi pa rin nakaalpas sa mga epekto ng imperyalismo? Magtala ng mga palatandaan sa kasalukuyan na nagpapahiwatig sa mga epekto ng imperyalismong Hapon.	Aspekto	Noon	Ngayon	Politika			Ekonomiya			Buhay-Panlipunan			Kultura			
Aspekto	Noon	Ngayon															
Politika																	
Ekonomiya																	
Buhay-Panlipunan																	
Kultura																	

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY				MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit			
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			

	At iba pa			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			